# LUMABAN PARA SA KINABUKASAN

*by:*
**Xian Jade L. Ansale**
*San Ramon Elementary School*

Kontaminadong kapaligiran nagbitbit ng malubha't nakababahalang peligro sa kalusugan, partikular sa leptospirosis. Nitong 2024 lamang, naitala ang 4, 575 kaso sa Pilipinas, na nagpapakita ng palubhang epekto at bant anito. Maagang paggamot at pag-iingat, pinaniniwalaang susi sap ag-iwas. Isa pa sa dapat na ipaalala ay ang datos na mula sa Department of Health (DOH) na nagsasabing tumaas ng 11% ang "lepto" kumpara noong 2023.

Mula pagkabata hanggang sa kasalukuyan mayroon akong tinataglay na sipon na hindi mawala-wala dahil sa alikabok at dumi. Masasabi kong makukumpara ko ang karanasang ito sa "lepto" dahil kung papansinin natin, saan ba o ano-ano nga ba ang dulot nito? Hindi ba sa dumi? Tignan natin ang kapaligiran ng Maynila kung saan madaming basura't kaburaraan. Lalo na't bansang maulan ang Pilipinas, kung kaya naman humahalo talaga ang bacteria sa tubig-baha,

Sa aking palagay, mas makabubuti kung mas tuonan pansin ng may kapangyarihan o awtoridad ang pagsasagawa ng programang pang kalinisan. Gayunpaman, dagdag pansin ang mga kanal na maaaring mag-overflow tuwing tag-ulan.

Sa tubig bahang may halong lason, tayo na't magtulungang makausad. Unti-untiin sa pamamagitan ng pagbawas ng kalat.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Isa pa umano ang “leptospira” n amula sa bacteria na dala ng ihi ng hayop. Sa aking sapantaha, nararapat na pagtuunan pansin muna ang pagbigay ng gamot para sa leptox. Tulad ng PhilHealth, na may awtoridad para rito.

Samantala, importante ding linawin sa mga netizens ang tungkol sa lepto o kaya nama’y bigyang kaalaman nila ang mga mamamayan. Pwede ring bigyang babala ng mga eskwelahan ang mga estudyante tungkol sa kumakalat na sakit.

Sa tuwing may nakikitaan nang sintomas ang isang mamamayan, dapat na magkaparaan sa kung paano itomabibigyan ng isang mabisang gamot.

Kapit-bisig sa kalusugan; pagtutulungan ng komunidad

Ang pagtutulungan ng mga sektor sa lipunan ay isa na ding mahalagang bagay. Pwedeng gawing pasimula ng mga netizen ang pag-iwas sa pagkakalat o kaya nama’y sanayin ang sarili sa paglinis.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Para maiwasan, panatilihing malinis ang paligid. Maaari ding bigyang konsiderasyon ang pagbabakuna, lalo na ang mga sewage workers. Kailangan na mas may maihandang gamot upang may panlunas na agaran.

Nawa magtulugan tayong lahat para maka-ahon sa siksik na kapahamakan na bitbit ng kalaban.

*References:*